# *Ang Bagong Nilikha ay tinubos, Inaring-ganap, Kinupkop bilang Anak ng Dios, at Pinabanal*

***"17 Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago." (2 Corinto 5:17 KJV)***

Pagkatapos nating ipanganak na muli sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios, na nagbigay ng buhay sa ating patay na espiritu, sa gayon tayo ay bagong nilalang, o isang bagong tao. Ang bagong nilalang Siya ay ang tao na ipinapahayag na siya ay isang makasalanan at nanampalataya siya na si Jesus ay namatay sa krus upang bayaran ang kabayaran ng kanyang mga kasalanan. Nanampalataya siya na si Jesus ay inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang ibigay ang buhay na walang hanggan sa lahat na mananampalataya sa Kanya. Ang bagong nilalang ay ang tao na kinuha si Jesus bilang kanyang sariling Tagapagligtas at Panginoon. Si JesuCristo ay ang unang bunga, na nabuhay mula sa mga patay, at sa pamamagitan Niya, at habang tayo ay nagpapatuloy sa Kanya, gaya ng ating mababasa dito, ***"20 Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog. 21 Sapagka't yamang sa pamamagitan ng tao'y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din naman ng tao'y dumating ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. 22 Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin." (1 Corinto 15:20-22 KJV)*** Sa pamamagitan ng kasalanan ni Adan ang kamatayan ay dumating ngunit sa pamamagitan ni Cristo tayo ay nabuhay.

Ngunit ano ang ating posisyon bilang isang bagong nilalang? Sapagkat ginamit ng Bibliya ang iba't ibang salita upang isalarawan ang ating kalagayan kay Cristo

1. **Tayo at tinubos*:*** Sa pamamagitan ni Cristo at sa Kanyang ginawa sa krus tayo ay tinubos, na nangangahulugang binili ni Cristo at binayaran ng ating mga kasalanan; na binayaran Niya ang ating pagkakautang; sapagkat inalipin tayo ng kasalanan, kay Satanas at sa ilalim ng kabarayan ng kamatayan. Wala tayong magagawa upang bayaran ang kabayaran at ang halaga ng ating mga kasalanan upang makuha ang Kalayaan. Ang kabayaran at ang halaga ng ating mga kasalanan ay kamatayan at si Jesus na walang kasalanan ay naging isang handog na kasalanan para sa atin, at sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus binyaran Niya ang ating mga kasalanan. Binili tayo ni Jesus ng Kanyang sariling dugo. Ating basahin ang sumusunod na Kasulatan upang pagtibayin at turuan pa ng tungkol sa pagtubos:

**A.** ***"Purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel; Sapagka't kaniyang dinalaw at tinubos ang kaniyang bayan," (Lucas 1:68 KJV)*** Pinuri ni Zecharias ang Dios sapagkat Siya'y dumating upang tubusin ang Kanyang bayan.

**B.** ***"11 Nguni't pagdating ni Cristo na dakilang saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong malaki at lalong sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay, sa makatuwid baga'y hindi sa paglalang na ito. 12 At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo, ay pumasok na minsan magpakailan man sa dakong banal, na kinamtan ang walang hanggang katubusan." (Hebrew 9:11-12 KJV)*** Sa Lumang Tipan, itinuro ng Dios sa mga tao na maghandog ng mga hayop upang takpan ang mga kasalanan ng mga tao, at tinawag na handog ng kasalanan, ngunit hindi nila kayang bayaran nang sapat! Sa ***Hebrew 9*** sinasabi sa atin na hindi sinubukan ni Jesus na bayaran ang ating mga kasalanan sa ganitong paraan, ibinigay niya ang Kanyang sariling buhay para sa atin upang ibigay sa atin an walang hanggan, walang hanggang katubusan, na hindi natatapos hangga't tayo ay sumasa Kanya.

**C.** ***"17 Datapuwa't salamat sa Dios, na, bagama't kayo'y naging mga alipin ng kasalanan, kayo'y naging mga matalimahin sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo; 18 At yamang pinalaya kayo sa kasalanan ay naging mga alipin kayo ng katuwiran." (Roma 6:17-18 KJV)*** Bago ang pagparito ni Cristo at ng Kanyang pagtubos sa atin tayo'y alipin sa kasalanan at kay Satanas, ngunit bilang binayaran ni Cristo ng halaga para sa atin tayo ay pinalaya mula sa kasalanan, at ngayon tayo ay mga lingkod ng Dios.

**D.** ***"22 Sapagka't nalalaman natin na ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon. 23 At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili, sa paghihintay ng pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating katawan." (Roma 8:22-23 KJV)*** Totoo na tayo ay pinalaya na mula sa kasalanan ngayon, ngunit ang buo nating

katubusan ay darating kapag ibinigay na ng Dios ang bagong kaluwalhatiang katawan. Kaya naman hangga't tayo ay nasa mortal na katawan kailangan nating mapasa Kanya hanggang ang sandaling iyon na Siya ay pumarito upang bigyan tayo ng maluwalhating mga katawan.

2. ***Tayo ay inaring-ganap:*** Bago ang pagkamatay ni Cristo sa krus para sa ating mga kasalanan tayo ay inakusahan ng mga pagkakasala ng ating mga kasalanan, sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan at tayo ay naghihintay lamang sa panahon na tayo'y tatayo sa harap ng Dios sa huling araw ng paghuhukom. Ngunit ngayon sa pamamagitan ng dugo ni Jesus tayo ay inaring-ganap nang tayo ay nagsisi at lumapit kay Cristo, at naging matuwid sa Dios. Inaring-ganap tayo ni Jesus sa harap ng Dios sa ganitong paraan; Tinanggap natin ang kapatawaran ng mga kasalanan na humahatol sa atin sa paningin ng Dios,***"Na sinasabi, Mapapalad yaong ang kanilang mga pagsalangsang ay ipinatawad, At ang kanilang mga kasalanan ay nangatakpan." (Roma 4:7 KJV)*** Ang ating mga kasalanan ay hindi lamang pinatawaf, ngunit tinakpan din, at ang ating konsensya ay malinis din; ang dating talaan ng ating mga kasalanan ay napawalang bisa lahat gaya ng tayo ay nagsisi. Hindi na nakikita ng Dios ang ating mga kasalanan, at tayo ay ipinahahayag na hindi nagkasala sa harap ng Dios kundi matuwid na sa harap Niya sa pamamagitan ng katuwirang tinanggap natin mula sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay JesuCristo. ***"21 Datapuwa't ngayon bukod sa kautusan ay ipinahahayag ang isang katuwiran ng Dios, na sinasaksihan ng kautusan at ng mga propeta; 22 Sa makatuwid baga'y ang katuwiran ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo sa lahat ng mga nagsisisampalataya; sapagka't walang pagkakaiba;" (Roma 3:21-22 KJV)*** Kapag ikaw ay nagpatuloy kay Cristo at sa pagsisisi ang iyong mga kasalanan ay hindi na aalalahanin, at ang pagkakasala at kaparusahan dahil sa iyong mga kasalanan ay inalis at walang magpapaalala sa iyo ng iyong mga kasalanan na nagawa mo noong nakalipas ng mga tao hangga't ikaw ay sumasa Kanya. Kay Cristo tayo ay may malinis na budhi na mamuhay para sa Kanya at maglingkod sa Kanya.

3. **Tayo ay kinupkop bilang mga anak ng Dios:** Tayo ay hiwalay sa Dios, ngunit sa pamamagitan ni Jesus tayo ay naging mga anak na lalaki at anak na babae ng Dios. Pagkatapos gumawa ng pasya na tanggapin si Jesus, ang bagong nilikha ay may personal at may malapit na kaugnayan sa Dios at tumatanggap ng pribilehiyong maging anak ng Dios gaya ng sinasabi ng Salita ng Dios; ***"Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan:" (Juan 1:12 KJV)*** Kaya't hindi lamang tinubos tayo ng Dios at inaring-ganap tayo, kundi sinasabi din Niya na siya o ikaw ay aking anak, o sila'y aking mga anak.

Nang si Jesus ay nakipag-usap sa mga Fariseo, sinabi nila sa kanya na sila'y mga anak ng Dios. Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila ang sumusunod: ***"42 Sinabi sa kanila ni Jesus, Kung ang Dios ang inyong ama, ay inyong iibigin ako: sapagka't ako'y nagmula at nanggaling sa Dios; sapagka't hindi ako naparito sa aking sarili, kundi sinugo niya ako. 43 Bakit hindi ninyo napaguunawa ang aking pananalita? sapagka't hindi ninyo mangyayaring dinggin ang aking salita. 44 Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito." (Juan 8:42-44 KJV)*** Ito ay isang nakakagulat na bagay para sa kanila na matining na sila'y anak ng diablo dahil sila'y relihiyosong mga tao ngunit sila'y makasalanan at hindi gustong maniwala kay Cristo at sumunod sa Kanya. Ngunit ang katotohanan na ang lahat na nagkakasala ay nagiging alipn ng kasalanan at anak ni Satanas. Bagamab ang unang tao, si Adan na nilikha upang maging anak ng Dios, pinili niya ang kasalanan sa halip. Mula noon, nang pinili ng tao ang kanyang sariling paraan at nagkasala laban sa Dios, samakatuwid siya ay kay Satanas.

Ang plano ng Dios ay kupkupin tayo bilang Kanyang mga anak na maging kanyang mga anak na lalaki at mga anak na babae, at ginawa Niya ngayong posible ito sa pamamagitan ni Jesus. ***"3 Gayon din naman tayo, nang tayo'y mga bata pa, tayo'y nasasakop ng pagkaalipin sa ilalim ng mga pasimulang aral ng sanglibutan. 4 Datapuwa't nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Dios ang kaniyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, na ipinanganak sa ilalim ng kautusan, 5 Upang matubos niya ang nangasa ilalim ng kautusan, upang matanggap natin ang pagkukupkop sa mga anak. 6 At sapagka't kayo'y mga anak, ay sinugo ng Dios ang Espiritu ng kaniyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama. 7 Ano pa't hindi ka na alipin, kundi anak; at kung anak, ay tagapagmana ka nga sa pamamagitan ng Dios." (Galacia 4:3-7 KJV)*** Bago si Cristo tayo ay nasa ilalim ng mga elemento ng sanglibutang ito, ngunit nang ipadala ng Dios ang Kanyang anak, ipinanganak sa isang babae upang tubusin tayo, kung gayon hindi na tayo mga alipin ng kasalanan at ni Satanas, at hindi na mga alipin kundi tayo ay naging Kanyang mga anak na lalaki at babae.

Kaya ang bagong nilikha ay isang anak ng Dios: ***"Sapagka't kayong lahat ay mga anak ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo Jesus." (Galacia 3:26 KJV)*** Pagkatapos tanggapin si Cristo, tinanggp natin ang Espiritu ng Dios na bumuhay sa ating patay na espiritu tayo ay ipinanganak na muli, at sa

pagkakaroon ng Espiritu ng Dios sa atin tayo ay pag-aari ng Dios at tayo'y naging anak ng Dios. At sa gayon sa pagiging anak ng Dios sa gayon tatanggapin natin ang mga pribileyo at pagpapala na nauukol sa mga anak ng Dios. Anong mga pagpapala ang nauukol sa atin bilang mga anak ng Dios?

***A. Bilang anak ng Dios tayo ay ginawang kagaya ni JesuCristo:*** Gaya ng mababasa natin dito sa Roma, ***"Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid:" (Roma 8:29 KJV)*** Sa katotohanan tayo ay naging magkakapatid at mga kapaid na babae para kay Jesus, sapagkat Siya ang ating panganay na kapatid. Lahat ng gayong dakilang pribilehiyo at pangako ay nagpapaunawa sa atin ng mga dakilang pagpapala ng Dios para sa ating sa ating buhay.

***B. Bilang anak ng Dios tinanggap natin ang pagibig at pangangalaga ng Dios:*** Gaya ng mababasa natin dito sa Epeso na mula sa Kanyang pagibig pinili Niya tayo upang kupkupin tayo bilang Kanyang mga anak, ***"4 Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig: 5 Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban," (Epeso 1:4-5 KJV)*** At dahil sa pagibig na iyon tinanggap natin ang pag-aalaga ng Dios gaya ng ating mababasa sa Lucas, ***"27 Wariin ninyo ang mga lirio, kung paano silang nagsisilaki: hindi nangagpapagal, o nangagsusulid man; gayon ma'y sinasabi ko sa inyo, Kahit si Salomon man, sa buong kaluwalhatian niya, ay hindi nakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito. 28 Nguni't kung pinararamtan ng Dios ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at sa kinabukasan ay iginagatong sa kalan; gaano pa kaya kayo na di niya pararamtan, Oh kayong mga kakaunti ang pananampalataya? 29 At huwag ninyong pagsikapan kung ano ang inyong kakanin, at kung ano ang inyong iinumin, o huwag man kayo'y mapagalinlangang pagiisip. 30 Sapagka't ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang pinaghahanap ng mga bansa sa sanglibutan: datapuwa't talastas ng inyong Ama na inyong kinakailangan ang mga bagay na ito. 31 Gayon ma'y hanapin ninyo ang kaniyang kaharian, at idaragdag sa inyo ang mga bagay na ito. 32 Huwag kayong mangatakot, munting kawan; sapagka't nakalulugod na mainam sa inyong Ama ang sa inyo'y ibigay ang kaharian." (Lucas 12:27-32 KJV)*** Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin na diramtan ng Dios ang lirio sa parang at tiyak na aalagaan tayo at ibibigay ang para sa atin sa pang-araw-araw na pangangailangan mula sa pagkain, inumin at damit. Sa gayon dapat huwag kang magduda tungkol sa iyong mga kailangan sapagkat ang Dios ang magbibigay sa iyo. Ganon din ipinapayo sa atin sa talata 31 na kailangan nating hanapin ang Kanyang Kaharian at ang lahat ng bagay ay idaragdag sa atin. Kaya habang iyong hinanap ang Dios at ang Kanyang Kaharian at katuwiran ibibigay ng Dios sa iyo ang lahat ng iyong mga kailangan. Itinuro din sa atin sa talata 32 na huwag matakot o mag-alala dahil ikinalulugod ng ating Ama na ibigay sa atin ang Kanyang Kaharian at lahat ng ating kailangan habang patuloy tayong nalulugod sa Kanya at namumuhay para sa Kanya.

***C. Bilang anak ng Dios mayroon tayong buhay na payapa:*** Kung tayo ay mga anak ng Dios tayo ay mga anak ng Hari ng mga hari at ng Panginoon ng mga panginoon. Ang katotohanang ito mismo ay nagdudulot sa atin ng kapayapaan dahil batid natin na ang lahat ay pag-aari ng ating Ama at bilang Kanyang mga anak ay may bahagi tayo. Mayroon tayong walang katapusang mga pagpapala at lahat ng ating mga pangangailangan ay dapat mapunan gaya ng mababasa natin dito: ***"At pupunan ng aking Dios ang bawa't kailangan ninyo ayon sa kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus." (Filipos 4:19 KJV)*** Ang langit at lupa ay nilika ng Dios at sa ilalim ng Kanyang pangangalaga at kapangyarihan kaya't nakakatiyak tayo na ang lahat ng bagay sa paligid natin ay ibinigay sa atin para sa ating ikakabuti anumana ng mga kalagayan: ***"28 At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa kaniyang nasa." (Roma 8:28 KJV)*** Kahit sa anumang kalagayan na tayo ay naroon at inilagay, gagamitin ng Dios ang kalagayang iyon at gagawin ito para sa ating ikakabuti bilang Kanyang minamahal na mga anak na kay Cristo Jesus na ating Panginoon. Babaguhin ng Dios ang anumang mga kalagayan inilagay sa atin para sa ating ikabubuti at kapakinabangan, dahil tayo ay Kanyang mga anak.

***D. Bilang anak ng Dios tayo ay may mamanahin sa Langit:*** Ang anak sa pamilya ay hindi isang alipin. Ang alipin ay hindi isang tagapagmana ng kanyang panginoon. Ngunit ang anak ay tagapagmana ng kanyang ama. ***"3 Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na ayon sa kaniyang malaking awa ay ipinanganak na muli tayo sa isang buhay na pagasa sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesucristo sa mga patay, 4 Sa isang manang di nasisira, at walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo," (1 Pedro 1:3-4 KJV)*** Oo, tayo ay may mamanahin sa Langit; na iingatan para sa atin na walang kasiraan, at walang dungis, at hindi kumukupas, na nakalaan sa Langit para sa atin. Ito ang gantimpala mula sa Dios na iniingatan para sa

atin na mayroon tayong mga mansyon sa Langit, gaya ng ipinangako ng Panginoong Jesus: ***"2 Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo; sapagka't ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan. 3 At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon." (Juan 14:2-3 KJV)***

***E. Bilang anak ng Dios tayo ay kabilang sa isang pamilya at may pagmamahal tayo sa isa't isa:*** Mayroon tayong mga kapatid at mayroon tayong isang Ama, ang Dios sa Langit, at inilagay tayo ng Dios sa Kanyang simbahan na Kanyang katawan at Kanyang pamilya. Bilang magkakapatid sa isang pamilya natatanggap natin ang pag-aalaga at pagibig ng Dios Ama sa pamamagitan din ng isa't isa, mula sa ibang mga kapatid na lalaki at babae sa pamilya ng Dios. Ipinakikita natin ang ating pagibig na tayo ay sa Dios. Mayroon tayong pagmamahal at pakikiramay sa isa't isa, sinusuportahan, hinihikayat at pinalalakas natin ang isa't isa. ***"14 Nalalaman nating tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagka't tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid. Ang hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan." (1 Juan 3:14 KJV)***

***F. Bilang anak ng Dios, ang Espiritu ng Dios, ng Ama ay nabubuhay sa atin:*** Kaya maari nating umiyak sa Dios, at matatawag na nating Siyang Ama, gaya ng isang ama sa isang pamilya, ***"Abba Ama"*** gaya ng mababasa natin sa ***Galacia 4:6***, at sa ***Roma***, ***"15 Sapagka't hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama." (Roma 8:15 KJV)*** * Kaya bilang anak ng Dios wala nang magiging takot nalalaman na ang ating ama ay dinidinig tayo kapag tayo'y umiiyak at nanalangin at sinasagot Niya tayo. Pakikingan ng Dios ang ating iyak at mga kahilingan dahil tayo ay Kanyang mga anak at hindi Niya tayo iiwanang nag-iisa. Darating siya upang iligtas tayo sa panahon ng ating kagipitan. Ibibigay Niya ang ating mga kailangan; Hindi Niya tayo iiwan o pababayaan man gaya ng Kanyang ipinangako, ***"Palagi akong sumasainyo hanggang sa huli ng sanglibutan. Amen."*** * Bilang Kanyang mga anak at mayroon ng Kanyang Banal na Espiritu matatanggap din natin ang Bautismo ng Banal na Espiritu at ang mga Espirituwal na mga kaloob, katulad ng kaloab ng kagalingan, kaloob ng pananampalataya, kaloob ng pageebanghelio, kaloob ng pagpapastol at pagtuturo, at ang lahat ng mga kaloob na sa pamamagitan ng mga ito makakapaglingkod tayo sa Dios.

***G. Bilang anak ng Dios tinanggap natin ang disiplina: "6 Sapagka't pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig, At hinahampas ang bawa't tinatanggap na anak." (Hebrew 12:6 KJV)*** Ang disipulo ay katibayan na tayo ay anak ng Dios. Ang lahat ay dinidisiplina ang kanyang mga anak at dinidisiplina tayo ng Dios dahil tayo ay Kanyang mga anak. Ang disiplina ay mahalaga at ang ating aktuwal na pangangailangan. Sinasabi sa atin ng Salita ng Dios, ***"7 Na dahil sa ito'y parusa kayo'y nagtitiis; inaari kayo ng Dios na tulad sa mga anak; sapagka't alin ngang anak ang hindi pinarurusahan ng kaniyang ama? 8 Datapuwa't kung kayo'y hindi pinarurusahan, na pawang naranasan ng lahat, kung gayo'y mga anak sa ligaw kayo, at hindi tunay na anak." (Hebrew 12:7-8 KJV)*** Kung hindi tayo dinidisiplina ng Dios ibig sabihin tinanggihan Niya tayo. Bilang tunay na mga anak ng Dios kailangan nating pagtutuwid mula sa ating Ama upang ituiwd sa tama at makipot na daan; kung walang pagdidisiplina maari tayong maligaw. ***"11 Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito." (Hebrew 12:11 KJV)*** Kapag dinidisiplina ka ng Dios ito ay masakit, at maari kang tumalikod o gumanti, ngunit palaging alalahanin iyon ay para sa iyong ikabubuti, sapagkat ang disiplina ay nagpapalago s aiyo at para maging ganap sa iyong pananampalataya sa Dios. Masakit ang disiplina sa panahon nito, ngunit nagbubunga ito ng katuwiran sa ating buhay, at sa huli ay dapat magalak tayo at magbunyi kapag sinasanay tayo ng Dios at tinuturuan tayo sa pamamagitan ng tiyak na disiplina.

**4. Tayo ay pinabanal:** Na nilinis tayo mula sa ating mga kasalanan. Ano ang ibig sabihin na tayo ay nilinis at pinabanal? Bagama't tayo ay hinugasan at malinis sa paningin ng Dios dahil sa dugo ni Jesus, dahil nakikita ng Dios na tinatakpan tayo ng katuwiran ni Jesus, gayunpaman maraming mga tanda ng mga kasalanan sa ating buhay. Kapag inilagay ni Jesus ang Kanyang Espiritu sa loob natin, ang Espiritung iyon ay nagsisimulang baguhin tayo mula sa loob palabas, at sa gayon sinisimulan Niya ang gawain ng pagpapakabanal sa atin.

***A. Tayo ay pinabanal nang tinaggap natin si JesuCristo: "11 At ganyan ang mga ilan sa inyo: nguni't nangahugasan na kayo, nguni't binanal na kayo, nguni't inaring-ganap na kayo sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, at sa Espiritu ng ating Dios." (1 Corinto 6:11 KJV)*** Tayo ay hinugasan at nilinis mula sa mga kasalanan sa pamamagitan ng pangalan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng Dios. Tayo ay nilinis at pinabanal sa pagbabalik-loob sa pamamagiatn ng dugo ni

Jesus sa Kanyang paghihirap at pagkamatay sa krus. ***"12 Kaya naman si Jesus, upang mapaging banal sa pamamagitan ng kanilang sariling dugo ang bayan, ay nagbata sa labas ng pintuan." (Hebrew 13:12 KJV)***

**B.** ***Tayo ay pinababanal at binabago araw-araw mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu habang patuloy tayong lumalakad kasama si Cristo: "18 Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu." (2 Corinto 3:18 KJV)*** Ang Banal na Espiritu na na sumasa atin bilang mga anak ng Dios ay naguumpisang baguhin tay mula sa loob palabas, ito ay nagpaparami sa atin ng bunga ng Banal na Espiritu tulad ng pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, pagtitiiis, mahabang pagtitiis at pagpipigil sa sarili, na gagawin ang ating katangain at pag-uugali katulad ng kay Jesus, gayundin ang Banal na Espiritu ay hinahatulan tayo ng ating mga kasalanan at ginawa kamuhian natin ang sanglibutan, nilinilis tayo mula sa pagnanasa at kasakiman ng sanglibutan at sa pagibig sa materyal na mga bagay at ituwid tayo sa pagibig sa ng Makalangit na mga bagay ng Dios. Magsisimula nating kapootan ag kasalanan at ang makasalanang gawain at higit na pagmamahal patungo sa Dios at sa Kanyang Salita at kalooban.

**C.** ***Tayo ay pinababanala at binago sa pamamagitan ng Salita ng Dios: "17 Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan." (Juan 17:17 KJV)*** Si Jesus ay ipinalangin tayo bago Siya namatay na tayo ay pabanalin sa pamamagitan ng Salita ng Dios. Kaya naman binabasa natin ang BIbliya at inaaral ang Kasulatan upang malaman ang kalooban at isagawa ang Salita ng Dios sa ating buhay. Ang Salita ng Dios ay nagpapaalam sa atin ng mga kasalanan, at sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Dios nagsisimula tayong malinis mula sa mga kasalanan tulad ng katamaran, galit imoralidad, pagibig sa salapi, kasakiman, pagmamataas, atbp.

**D.** ***Tayo ay pinababanal kapag tayo ay dinisiplina: "10 Sapagka't katotohanang tayo'y pinarusahan nilang ilang araw ayon sa kanilang minagaling; nguni't siya'y sa kapakinabangan natin, upang tayo'y makabahagi ng kaniyang kabanalan. 11 Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito." (Hebrew 12:10-11 KJV)*** Ang Dios na ating Ama bilang ng Kanyang mga anak ay dindisiplina tayo upang maging kabahagi ng Kanyang kabanalanan. Ang disiplina ay masakit ngunit nagbibigay ito ng bunag ng katuwiran. Ang disiplina ay tinutulungan tayong talikuran ang ating mga kasalanan at magsimulang lumakad sa daan na nais ng Dios na tahakin natin at mamuhaya sa buhay na nais NIya sa atin na ipamuhay.

**E.** ***Ito ay ating pananagutan upang sumangayon sa proseso ng pagpapabanal at linisin ang ating sarili: "Yamang taglay natin ang mga pangakong ito, mga minamahal, ay magsipaglinis tayo sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pakasakdalin ang kabanalan sa takot sa Dios." (2 Corinto 7:1 KJV)*** Mayroon tayong isang mahalagang bahagi sa prosesong ito, kailangan nating matakot sa Dios at magsisi sa ating mga kasalanan. Gaya ng ipinapakita ng Banal na Espiritu at ng Salita ng Dios ang ating mga kasalanan, kailangan ipahayafg natin ang mga ito sa Dios at talikdan ang mga ito upang linisin Niya tayo mula sa lahat ng kalikuan. ***"9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:9 KJV)*** Huwag sabihin lamang sa Dios na patawarin ako sa aking mga kasalanan, kundi ipahayag sa Dios isa-isa ang iyong mga kasalanan, at sa gaoong paraan ipinapakita mi sa Dios na batid mo ang iyong mga kasalanan at batid mo na hindi Siya nalulugod doon.

Ang Dios lamang ang nagpapabanal sa atin, ***''23 At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Tesalonica 5:23 KJV)*** Ngunit kailangan nating gawin ang ating bahagi ng maayod at dagling magsisi mula sa ating mga kasalanan at talikdan ang mga ito, at sumunod sa Kanya upang kapag Siya ay pumarito, o sa ating pagkamatay tayo ay handa upang tagpuin ang Panginoon. Kailangang dalisayin natin ang ating sarili bago ang Kanyang pagparito kung nais nating makatagpo ang Panginoon at mapasa Kanya sa Langit, ***"2 Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Dios, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Nalalaman natin, na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya: sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili. 3 At sinomang mayroon ng pagasang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis." (1 Juan 3:2-3 KJV)*** At gaya ng sinabi ni Jesus sa atin, ***"8 Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios." (Mateo 5:8 KJV)*** Sapagkat kung walang kabanalan walang makakakita sa Panginoon.

Mayroon ilang mga doktrina at mga simbahan na nagsasabing ang ganap ng pagpapakabanal ay magaganap sa oras ng kamatayan, na nangangahulugan na ikaw ay tinanggap ng Dios kahit na ikaw ay may kasalanan, at ikaw naligtas kahit na ikaw ay namatay at ikaw ay nasa kasalanan. Ngunit ito ay mga kasinungalingan ng diablo, dahil pagkatapos ng kamatayan mayroong paghuhukom at wala nang pagpapabanal Kapag batid mo na ang iyong mga kasalanan kung gayon ikaw ay may pananagutan na pagsisihan ang mga ito.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Kay Cristo Jesus tayo ay naging isang bagong nilalang. Binili Niya tayo ng Kanyang dugo na ibinihos Niya sa krus, kaya gay ana tayo ay nagsisi at mayroong pananampalataya sa Kanya., wala na tayo sa ilalim pa ni Satanas ngunit ngayon ay pinalaya, inaring-ganap, ang ating mga kasalanan ay pinatawad at tinakpan, at hindi na tayo hinagatulan kundi inosente sa paningin ng Dios. Higit pa sa pagtanggap ng Espiritu ng Dios tayo ay naging Kanyang mga anak, binibigyan tayo ng lahat ng karapatan at pamana ng Kanyang sariling anak, kaya't kailangan nating sumuko nang lubusan sa Dios upang linisin at dalisayin mula sa lahat ng kalikuan at maging handa at handa na salubungin Siya sa Kanyang pagdating.

Napakagandang buhay natin bilang mga anak ng Dios, Lagi tayong nasa ilalim ng Kanyang pangangalaga. Ang paningin ng Dios ay nasa sa atin na gumagabay at umaakay sa atin sa paraan ng Kanyang pinaplano para sa atin. Ang pamumuhay sa totoong buhay ay ang mamuhay sa kaganapan ng Salita at mga pangako ng Dios hanggang sa maabot natin ang walang hanggan. Bilang mga anak ng Dios maari tayong humiyaw nang may kagalakan at katuwaan. ***"6 Tunay na ang kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin sa lahat ng mga kaarawan ng aking buhay: at ako'y tatahan sa bahay ng Panginoon magpakailan man." (Awit 23:6)***

Kung hindi mo pa natatanggap si Cristo, lumapit ngayon sa Panginoon, tanggapin si Cristo, at ibigay ang iyong buhay sa Kanya, ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito, Tinatawag ka ng Dios upang tubusin ka mula sa iyong mga kasalanan at kay Satanas, upang ariing-ganap, upang kupkupin bilang isang anak ng Dios at tanggapin ang Kanyang pagibig at pag-aaruga, at ang Kanyang Espiritu at pabanalin mula sa mga kasalanan, upang maging handa kang sumama sa amin sa Langit pagparito ni Jesus.

***Ang aking Panalangin:*** *"Makalangit na Ama, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus, at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang ibinigaysa aking ang walang hanggang buhay. Salamat, aking Ama, dahil ang aking pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay. Salamat Sa iyo, Panginoon, dahil tinanggap ako bilang iyong anak. Salamat Sa iyo dahil Iyong inilagay sa akin ang iyong Espiritu. Salamat Panginoon para sa kagalakan na mapasa isang pamilya kasama ng aking mga kapatid na lalaki at babae na ibinabahagi sa kanila ang iyong pagibig at ang iyong mga pagpapala. Salamat Sa iyo, Panginoon dahil dininig mo ang aking panalangin kapag ako'y humihiyaw Sa iyo, ''Abba Ama''. Salamat dahil palagi Mong dinidinig ako at sinasagot ako. Salamat Sa iyo Panginoon, dahil tinubos mo ako, inaring-ganap mo ako, at nililinis mo ako sa pamamagitan ng iyong pangalan, sa pamamagitan ng iyong Salita at ng Banal na Espiritu at ng iyong disiplina.*

*Ipahayag at talikurana ng iyong mga kasalanan ngayon sa Panginoon. Panginoon ipinapahayag ko at tinatalikuran ko ang sumsunod na mga kasalanan________________________________________. Panginoon kunin mo ako at kupkupin ako bilang isa sa iyong mga anak at linisin ako mula sa mga kasalanan na aking ipinahayag sa iyo.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na ibinigay ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon pagpalain sila, protektahan sila, at ibigay ang kanilang mga kailangan at gawin silang lumago sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga Espirituwal na kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay at gamitin silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming pumaroon at magebanghelyo sa pag-abot ng bagong bayan at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Bagong Nilikha ay tinubos, Inaring-ganap, Kinupkop bilang Anak ng Dios, at Pinabanal. 2 Corinto 5:17. 1 Corinto 15:20-22. Lucas 1:68. Hebrew 9:11-12. Roma 6:17-18. Roma 8:22-23. 4:7. Roma 3:21-22. Juan 1:12. Juan 8:42-44. Galacia 4:3-7. Galacia 3:26. Roma 8:29. Epeso 1:4-5. Lucas 12:27-32. Filipos 4:19. Roma 8:28. 1 Pedro 1:3-4. Juan 14:2-3. 1 Juan 3:14. Galacia 4:6. Roma 8:15. Hebrew 12:6-8. 10-11. 1 Corinto 6:11. Hebrew 13:12, 2 Corinto 3:18. Juan 17:17. 2 Corinto 7:1. 1 Juan 1:9. 1 Tesalonica 5:23. 1 Juan 3:2-3. Mateo 5:8. Awit 23:6.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com